

# Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 Agosto 2022

## S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

### Bumaba ang lebel ng produksyon sa mga Filipino manufacturer kasabay ng muling pagbaba ng mga bagong order

#### Mga pangunahing nalaman

Naitala noong Hulyo ang pagbaba ng output at mga bagong order

Muli pang tumaas ang mga inflationary pressure...

...gayunpaman ay tumaas ang kumpyansa sa negosyo

Gumanda ang mga kundisyon ng pagnenegosyo noong Hulyo sa buong sektor ng manufacturing ng Pilipinas. Gayunpaman, naging mabagal ang growth at, maliban sa paghina noong Enero, ito ang naging pinakamahina sa loob ng 11 buwan. Ang mga pangunahing dahilan ng mas mababang headline figure ay ang mga panibagong contraction na nakita sa mga lebel ng produksyon at pagdating ng bagong business. Ayon sa mga respondent sa aming survey, naging mahina ang aktibidad ng kliyente noong Hulyo, kung saan nakahadlang sa sales ang mas malalaking singil. Bagama't naging mas mababa ang improvement sa mga kundisyon ng pagnenegosyo, nanatiling namamag-asa ang mga kumpanya na lalaki ang output sa susunod na 12 buwan.

Bumaba ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® mula 53.8 noong Hunyo patungong 50.8 noong Hulyo, na hudyat ng kaunting pagganda sa kalagayan ng sektor. Mula sa mga high na nakita sa nakaraang quarter, ang kinauukulang seasonally adjusted headline figure ay naitala nang mas mataas lang nang kaunti sa 50.0 no-change mark na naghihiwalay sa growth at contraction.


Dahil ang headline figure ay mas malapit sa neutral na 50.0 threshold, ang seasonally adjusted Output at New Orders Index ay naging mas mababa sa no-change mark sa unang pagkakataon mula noong Enero. Hindi masyadong malaki ang pagbaba nito pero hudyat ito ng kapansin-pansing pagbabago mula sa mabilis na expansion na nakita noong Hunyo, sa gitna ng mga nakakahamong kundisyon ng demand.

Bilang karagdagan, mas humina pa lalo ang client demand mula sa mga foreign market noong Hulyo. Bagama't naging pinakamabagal ang pagbaba sa loob ng kasalukuyang limang buwang sunod-sunod na contraction, patuloy na nakaapekto sa export demand ang mga kaguluhan sa mundo at tuloy-tuloy na epekto ng pandemya.

Gayunpaman, dahil bumababa ang mga business requirement at tumataas ang mga presyo, nag-atubiling bumili ang mga kumpanya. Hindi masyadong masigla ang aktibidad ng pagbili noong Hulyo, ang rate ng pagtaas ay kaunti lang sa pangkalahatan.

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.

Ang data ng Hulyo 2022 ay nakolekta noong 12-22 Hulyo 2022.

#### Komento

*Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:*

*"Ang data mula sa pinakabagong PMI survey ay nagsaad ng pagkawala ng growth momentum sa mga goods producer sa Pilipinas. Naitala noong Hulyo ang mga panibagong contraction ng output at mga bagong order, bagama't bahagya lang ito. Ang headline figure ay bumaba sa 50.8 noong Hulyo na hudyat ng pinakamabagal na expansion mula noong Enero.*

*"Bagama't bahagya lang ang pagtaas ng input buying at demand para sa mga materyales, lalo pang humaba ang average lead times at dahil daw ito sa paninikip sa port, mga pagkaantala shipment at mga hamon sa logistics ayon sa mga kumpanya.*

*"Sa pangkalahatan, ang mabagal na growth sa buong Filipino manufacturing sector, ay naging kapansin-pansin habang patuloy na tumataas ang mga inflationary pressure. Bagama't ang mga downside risk sa growth na buhat ng mas mataas na inflationary pressure, ang outlook para sa darating na 12 buwan ay lumakas noong Hulyo, at nanatiling may pag-asa ang mga kumpanya na magkakaroon ng mas magandang pandaigdigang economic climate."*

PMI®

by S&P Global

© 2022 S&P Global


Bagama't kapansin-pansin ang paghina nito, pinarami ng mga kumpanya ang bilang ng mga manggagawa nang tatlong buwang sunod-sunod. Naging matagumpay ang mga pagsusumikap na palakihin ang capacity habang patuloy na bumaba ang mga backlog ng trabaho noong Hulyo. Bumilis ang depletion kumpara sa Hunyo, at ipinakita ng anecdotal evidence na ang kakulangan ng mga bagong order at sapat na capacity ay nagbigay-daan sa mga kumpanyang i-clear ang mga umiiral na backlog.

Tumaas ang mga stock ng binili nang labing-isang buwang sunod-sunod noong Hulyo. Gayunpaman, naging mas mabagal ang pag-iipon, at katulad ng Oktubre noong nakaraang taon ay ito ang naging pinakamabagal na pagtaas. Gayundin, naging mas mabagal ang pagdami ng mga stock ng mga manufactured item.

Binigyang-ddin din ng data ng Hulyo ang dagdag pang paghina ng vendor performance, at binanggit ng mga kumpanya na humaba ang lead times nang husto sa loob ng apat na buwan. Ang mga hamon sa logistics, mga pagkaantala sa shipment at paninikip sa port ay ilan sa mga dahilang binanggit para sa mga pagkaantala.

Nakakadagdag din sa paghihirap ng sektor ang mga near-record na bilis ng inflation. Tumaas nang bigla ang mga average cost burden noong Hulyo, at umabot ito sa isang three-month high na mas mabagal lang nang kaunti sa mga peak na naitala noong Marso at Abril. Gayundin ang kaso para sa mga singil na ipinataw ng mga kumpanya bilang tugon sa tumataas na presyo ng input, at tumaas ang presyo ng output nang pangatlong pinakamabilis na naitala.

Sa kabila ng mga senyas ng mas mahinang demand, lumakas ang outlook hinggil sa output para sa parating na taon at umabot ito sa isang seven-month high noong Hulyo. Ayon sa mga kumpanya, ang mas matataas na ekspektasyon ay dahil daw sa pag-asang magkakaroon ng mas malakas na customer demand. Gayunpaman, naging mas mababa sa series average ang sentimyento.



Sources: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

## Makipag-ugnayan

Maryam Baluch  
 Ekonomista  
 S&P Global Market Intelligence  
 T: +44-13-4432-7213  
[maryam.baluch@spglobal.com](mailto:maryam.baluch@spglobal.com)

SungHa Park  
 Corporate Communications  
 IHS Markit  
 T: +82 2 6001 3128  
[sungha.park@spglobal.com](mailto:sungha.park@spglobal.com)

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa [katherine.smith@spglobal.com](mailto:katherine.smith@spglobal.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayaos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.